



12 Marso 2017

Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Taon A

## PAGLALAKBAY SA TANGLAW NI KRISTO

*Ang Ikalawang Linggo ng Kuwaresma ay waring isang saglit na pagtigil sa ating paglalakbay ngayong Kuwaresma na tinatampukan ng pagtitika at kalungkutan. Nagagalak tayo, unang-una na, sa pagtawag kay Abraham, ating ama sa pananampalataya, upang maging simula ng Bayang Hinirang na pagmumulan ng Mesiyas. Nagagalak tayo, lalo na, sa katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham sa katauhan ni Hesus, ang Mesiyas na kinalulugdan ng Ama.*

*Matamlay at sugatan sa maraming paraan, tayo'y marapat na tumitig sa nagbagong-anyong si Kristo, upang humango sa kanya ng lakas para tayo makapagpatuloy sa ating paglalakbay patungong Jerusalem na ipinangako ng Diyos. Ito ang paglalakbay buhat sa isang pamumuhay na tinatampukan ng mapanlinlang na liwanag ng kasiyahang materiyal patungo sa kaningningan ng kabanalan ni Kristo.*

*Marapat na lumakas ang ating loob at magpunyagi tayo sa gayong kagalakan sa Tabor upang pagsumikapan natin ang mga pagpapahalaga ng Kaharian at ang liwanag ng isang banal na buhay sa gitna man ng makasalanang kapaligiran.*



### PASIMULA



#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ako ay iyong tinawag upang mukha mo'y mamalas. Ang mukha mo ay marilag, nag-aangkin ng liwanag, ipakita mo't ihayag.**

#### Pagbati

**P**– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Nagpapasalamat sa Panginoong tumawag sa atin para saksihan ang ningning ng kanyang pagbabagong-anyo, alalahanin nating ang kasalanan ay ang madilim na tumatabing para di natin siya

matitigan. Hilingin natin ngayong hawiin niya ang gayong tabing. *(Manahimik sandali.)*

**P**– Para sa maraming pagkaka-taong umasal kaming mga kaaway ng iyong krus, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Para sa madalas naming pagmamalaki sa mga dapat sana naming ikinahiya, Kristo, kaawaan mo kami!

**B**– Kristo, kaawaan mo kami!

**P**– Para sa mga pagkakataong dinungisan o sinira namin ang larawan mo sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

### Panalanging Pambungad

**P**– Ama naming makapangyarihan, iniutos mong pakinggan namin ang minamahal mong Anak na iyong kinalulugdan. Kami nawa'y makapakinabang sa iyong Salita upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban, kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong liwanag sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Gen 12:1-4

*Ang pagtawag kay Abram ay isang mahalagang saglit sa kasaysayan ng kaligtasan. Pagkatapos ng gulo sa Tore ng Babel, nagsimula ang Panginoong bumuo ng Kanyang “tanging bayan” na pagmumulan ng Tagapagligtas sa sanlibutan.*

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Abram: “Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo.

Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami.

Ang sa iyo’y magpapala ay aking pagpapalain; ngunit kapag sinumpa ka, sila’y aking susumpain. Ang lahat ng mga bansa pihong ako’y hihi-mukin, na, tulad mong pinagpala, sila ay pagpapalain din.”

Sumunod nga si Abram sa utos ng Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 32

B—Poon, pag-asa ka namin, pag-ibig mo’y aming hiling!

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in G major, 4/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The notes are G4, A4, B4, C#5, B4, A4, G4. Above the notes are the chords D, A/C#, Bm7, and /A. Below the staff is the lyrics: "Po-on, pag-a-sa ka na-min, pag-". The second staff has a treble clef and a key signature of one sharp. The notes are G4, A4, B4, C#5, B4, A4, G4. Above the notes are the chords G, A7, and D. Below the staff is the lyrics: "i-big mo'y aming hi-ling!".

\* Panginoon’y tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya sa mundo’y laganap. B.

\* Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit mag-taggutom sila’y binubuhay. B.

\* Ang ating pag-asa’y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Ipagkaloob mo na aming makamit, O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa’y sa’yo nasasalig! B.

Ikalawang Pagbasa 2 Tim 1:8-10

Pagdanas ng kahirapang kaugnay ng Ebanghelyo ay isang mahalagang aspeto ng ating buhay bilang mga disipulo ni Kristo. Ayon kay San Pablo, sa

gayon tayo tumutupad sa isang kundisyon para sa pagtatamo ng kaligtasang idinudulot sa atin ng Panginoon.

L—Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

Pinakamamahal kong kapatid: Makihati ka sa kahirapan dahil sa Mabuting Balita, sa tulong ng Diyos na nagligtas at tumawag sa atin upang tayo’y maging kanyang bayan.

Ito’y ginawa niya sa pamamagitan ni Kristo Hesus, hindi dahil sa ating mga gawa kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob na inilaan sa atin bago pa magsimula ang panahon. Ngunit nahayag lamang ito nang dumating si Kristo Hesus na ating Tagapagligtas. Nilupig niya ang kamatayan at inihayag ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Mabuting Balita.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B—(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Sa ulap na maliwanag, ito ang siyang pahayag, ang D’yos Ama na nangusap: “Ito ang mahal kong Anak, lugod kong dinggin ng lahat.”

(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita Mt 17:1-9

Ipinahahayag ng pagbabagong-anyo ni Hesus na inilalarawan sa Ebanghelyo ngayon at ng “tinig buhat sa ulap” kung gaano kadakila at kung sino si Hesus. Pampasigla rin ito sa atin para tayo magpunyagi sa ating paglalakbay ngayong Panahon ng Kuwaresma tungo sa kaluwalhatian ng Pasko ng Pagkabuhay.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Isinama ni Hesus si Pedro, at ang magkapatid na Santiago at Juan, at sila’y umakyat sa isang mataas na bundok. Samantalang sila’y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus: nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha, at pumuting parang busilak ang kanyang damit. Nakita na lamang at sukat ng tatlong alagad

sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Hesus. Kaya’t sinabi ni Pedro kay Hesus, “Panginoon, mabuti pa’y dumito na tayo. Kung ibig ninyo, gagawa ako ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias.”

Nagsasalita pa siya nang liliman sila ng isang maningning na ulap. At mula rito’y may tinig na nagsabi: “Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya!”

Ang mga alagad ay natakot nang gayon na lamang nang marinig nila ang tinig, at sila’y napasubasob. Ngunit nilapitan sila ni Hesus at hinipo. “Tumindig kayo,” sabi niya, “huwag kayong matakot.” At nang tumingin sila ay wala silang nakita kundi si Hesus.

At habang bumababa sila sa bundok, iniutos ni Hesus sa kanila, “Huwag ninyong sasabihin kanino man ang pangitain hangga’t hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

**P**— Sa paggunita natin sa pagbabagong-anyo ni Hesus at sa pagpapatibay natin sa ating pangakong makinig sa kanya, idulog din natin ang mga kahilingan sa Ama para sa sanlibutang pinapangit ng mga kahirapan at pagkakasala. Manalangin tayo:

**B**—Panginoon ng liwanag at buhay, dinggin Mo kami!

\* Para sa buong Simbahang banal sa pakikipag-isa niya sa Panginoon, ngunit nangangailangan ng pagbabalik-loob dahil sa pagkakasala ng kanyang mga kaanib: Nawa sa paggunita ng pagbabagong-anyo ni Hesus, siya'y magsikap magpakahusay para sa ikabubuti ng sangkatauhan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa at lahat nating pinuno: Nawa magtamo sila sa pagbabagong-anyo ni Hesus ng kailangan nilang lakas para harapin ang mga kahirapan sa kanilang misyon. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga nag-aalinlangan o nagtatatwa sa kadakilaa't kabanalan ni Kristo: Nawa mapaniwala sila ng salaysay ng Pagbabagong-anyo na si Hesus ay Diyos na totoo at taong totoo. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga taong ang buhay ay nasira ng mga bisyo at ibang anyo ng pagkapariwara: Nawa sa pagbabagong-anyo ni Hesus, makahango sila ng inspirasyon at kailangang lakas para magpanibagong buhay. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga kasama sa ating pamayanan na binabagabag ng mga pisikal at moral na kahirapan: Nawa ang pagbabagong-anyo ni Hesus ay makatulong sa kanilang umasa sa magandang kinabukasan. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating idulog ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**—Panginoong Diyos, ipakita Mo sa amin ang maaliwalas na mukha ng Iyong Anak sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito, at puspusin Mo kami ng Iyong kapayapaan, upang

tapat Ka naming mapaglingkuran sa aming buhay.

**B**—Amen!

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

## Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ay magdulot nawa ng kapatawaran ng aming mga kasalanan at magpabanal sa aming buong katauhan para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

## Prepasyo

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya'y laang mamatay para sa lahat, sa kanila'y kanyang ipinamalas ang kanyang sariling puspos ng liwanag. Ang iyong mga Utos at mga Propeta ay pangwang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, santo, santo . . .

## Pagbubunyi

**B**—Aming ipinahahayag sa namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

## PAKIKINABANG



**B**—Ama namin . . .

**P**—Hinihiling namin . . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

## Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ito ang Anak kong mahal, na aking kinalulugdan ng buo kong kalooban. Siya ay inyong pakinggan at sundin sa pangangaral.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**—Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa dakilang pagliliwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ay tumatanaw ng utang na loob sa iyo sapagkat kahit ngayon pa man sa lupang ibabaw, pinapagsasalo mo na kami sa kariktan ng kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

## PAGWAWAKAS



**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin!

**P**—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumahimik sandali.*)

Ikinagagalak ninyo ang Pagbabagong-anyo. Puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang liwanag sa lahat ng araw ng inyong buhay.

**B**—Amen!

**P**—Tibayan nawa ang inyong panampalataya ng mga patu-



nay ng Kanyang pagmamahal upang magpunyagi kayo sa mabubuting gawa.

**B – Amen!**

**P** – Gabayan nawa Niya kayo patungo sa Kanya at turuan kayong manunton sa pagmamahal at kapayapaan.

**B – Amen!**

**P** – At pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B – Amen!**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

**B – Salamat sa Diyos!**


## ANG PAGBABAGONG-ANYO: ANG PANGYAYARING NAGBIBIGAY-INSPIRASYON AT HAMON

**A**ng pagbabagong-anyo ni Hesus – ang pagpapahayag ng kanyang banal na kalikasan at kadakilaan – ay isang marahil di malilimutang karanasan ng tatlong mapalad na disipulo na sina Pedro, Santiago, at Juan. Itinangi nila iyon hanggang sa dulo ng kanilang buhay. (*Sangguniin Jn 1:14 at 2 Ped 1:17-18.*)

Maaari kayang may mensahe rin para sa atin ang pagbabagong-anyo ni Hesus? Maaari nating isiping iyon ay nangyari sa kanya pagkat siya, bukod sa pagiging tao, ay Diyos din. Ngunit tayo’y mga hamak at simpleng nilalang . . . *Tayo’y makasalan!* Malimit na ang ating buhay, isipan, pangarap, at asal ay malayo sa pagiging maningning.

Gayunman, alam nating may kislap ng kabanalan sa ating sarili. *Nilikhang kalarawan ng Diyos, tayo ay may napakahalagang binhi – ang posibilidad at ang tawag na paningningin natin ang liwanag ng kabanalan ng Diyos sa ating sarili.* Subalit iyon ay isang binhing nakakulong sa isang mahina’t sugatang kalikasan. Sa marami sa atin, iyon ay isang nakapangyayaring binhi, na bihag ng ating mga bisyo’t kasalanan. Datapat sa pagpapala ng Diyos, ang binhing iyon ay nananatiling buhay at maaari pang sumuloy at lumago kung bibigyan lamang ng pagkakataon.

Sa paglipas ng maraming siglo, marami ang nangarap sa Pagbabagong-anyong habang buhay nilang inasam. Gaya ni Abraham, tumugon sila sa tawag ng Diyos na iwan nila ang katiwalian, kasakiman, at pagkakampante, at mamunga sa sikat ng pagmamahal ng Diyos. *Sa gayon, ang kanilang buhay ay nagmitulang punong hitik sa bunga ng kababaang-loob, pagkabukas-palad, kalinisan, at kawanggawa.* Ang kanilang mga kabaitan ay nagningning sa kanilang kapaligiran at di ito napalamlam ng kamatayan man. Nasaksihan ng kanilang mga kasama ang “sulyap” sa kung paano si Kristo. Tinatawag natin silang mga “santo.” Tawag sa kanila ng Diyos ay mga “kaibigan.” Salamat sa mga taong tulad nila’t ang mundo



Makinig sa Radyo Totoo (846 kHz) tuwing Sabado alas-5:00 hanggang alas-6:00 ng gabi, at makibahagi sa

### “BISPERAS SA VERITAS”

– ang masigla’t “interactive” na palatuntunang pantulong para tuklasin ang mensahe ng Salita ng Diyos para sa ikatatatag ng inyong buhay, mag-anak, at pamayanan.

natin ay bumuti at maaaring mabawi ng sangkatauhan ang kanyang karangala’t kadakilaan.

**Ang Panahon ng Kuwaresma, panahon ng tagsibol para sa ating mga kaluluwa, ay paalala sa atin ng ating potensiyal.** Ang Pagbabagong-anyo ni Hesus ay isang paanyaya para sa ating lahat na pasibulin at palaguin ang gayong potensiyal sa kadakilaan. Alam nating ang mga paraan dito’y: pagiging bukas sa mga biyaya ng Diyos, pagbabalik-loob, pagtitika, pagdarasal, at pagkakawangawa. Ngayon na ang panahon. Ito ang pagkakataon natin para patunayan ang tunay nating kadakilaan.

## KUWARESMA: PAGLALAKBAY TUNGO SA ISANG GANAP NA BUHAY

**A**ng Kuwaresma ay di isang panahon ng walang saysay na panangis sa isang di na mabago pang nakaraan na tinatampukan ng pagkakasala at kabiguan, kundi **isang panahon para sa pagtaya’t pagkilala sa sarili, panahon para magdasal, at panahon para kumilos.**

Sa gayon, ang Kuwaresma ay kailangang magkaroon ng pagninilay sa kawalan ng saysay ng buhay na walang direksiyon at makasalanang, tapat na pagninilay sa mga hirap na tiniis ni Hesus dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan . . . dahil sa ating mga kasalanan.

**Ang pangunahing layunin ng Kuwaresma ay gawin tayong lalong tulad ni Kristo.** Mangyayari lamang ito kung tutupad tayo sa dalawang magkapunuang kapas-yahan:

**a. pagtalikod sa kasalanan, at**

**b. pangakong gumawa ng kabutihan.**

Ang ating pangunahing oryentasyon, kung gayon, ay **pagmimithi sa isang ganap na buhay ng pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal – pamumuhay sa paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.**



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, V. David, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua